1

"Did you see that? I can't believe my eyes!" Magkahalong shock at disgust ang mababanaag sa boses ni Laarni habang pasalampak na naupo sa bean bag.

"Ako man. Hindi ko rin ine-expect na makikipag-holding hands agad 'yang si Jessa sa kanyang chatmate. Imagine, kakikilala lang nila," naiiling na sabi naman ni Lendi. Kagagaling lang nilang magkakaibigan sa kanilang favorite tea shop kung saan ipinakilala ni Jessa ang chatmate.

"Well, hindi naman nakakagulat ang makipag-holding hands kahit bagong magkakilala lang kayo, lalo na kung may sparks sa inyong dalawa. Ang nakakagulat, eh, si Jessa ang gumawa n'on!" natatawang komento ni Jimmie. Sa kanilang magkakaibigan, ito ang pinakamoderno ang pananaw pagdating sa pakikipagrelasyon at sa kasalukuyan ay ito rin lang ang may boyfriend sa kanilang lima.

"'Yon na nga, si Jessa na isang no-nonsense teacher at akala ko pa namang pinaka-sane sa ating lahat, nagawa 'yon?" iiling-iling pang dugtong ni Laarni.

"Well, mukhang na-love at first sight si Jessa sa lalaking 'yon. If there's really such thing as love at first sight," ani Lala na naglabas ng cookies para sa kanila. Sa inuupahang apartment nina Lala at Lendi tumuloy ang magkakaibigan pagkagaling sa tea shop. Pagkatapos ipakilala ni Jessa ang artist chatmate nito para makilatis ng mga kaibigan, tumuloy na ang dalawa sa isang date.

"Hayaan na natin si Jessa. At least, nagkaroon ng kulay ang kanyang love life at nang hindi puro lesson plan ang inaatupag. Saka mukhang happy naman siya," pahayag ni Jimmie, sabay kagat sa oatmeal cookie.

"Oo nga naman," segunda ni Lendi. "At least, may love life katulad ni Jimmie. Eh, tayong mga singles, bokya!"

"Teka, bakit ba parang masyado kang affected, Laarni?" baling sa kanya ni Lala. Kanina kasi pagkaalis ni Jessa at ng chatmate nito ay putak siya nang putak habang nasa tea shop, kaya minabuti ng mga kasama niya na umalis na roon.

"Oo nga, inggit ka, 'no!" pang-aalaska ni Jimmie.

Pinamulahan ng mukha si Laarni. "Hindi, 'no! Excuse me, kahit wala akong love life, eh, happy at

fulfilled ako. Saka I've no time for those mushy stuff. They're just a waste of time. If two people like each other, then magderechahan na lang sila. Kung ayaw na nila sa isa't isa, magsabihan lang din agad."

"Ano ba 'yan? Laarni,, hanggang sa isang relationship, businesslike ka pa rin? How dull!" komento ni Lendi.

"Parang negosyo rin lang 'yan, di ba? Madalas ngang sabihin, give and take ang isang relationship. Kaya dapat may maging pakinabang si Jessa r'on sa artist na 'yon. Baka paiyakin lang ng mokong ang kaibigan natin," depensa pa niya.

"Hay naku! If I know, takot lang si Laarni na ang nangyayari ngayon kay Jessa ay posible ring mangyari sa kanya," natatawang turan ni Lala. "Siguro, Pare, you're just scared to express your soft side, kaya lahat idinadaan mo sa pagiging negosyante at professional," dugtong pa nito. 'Pare' ang tawagan nilang magkakaibigan.

Si Laarni ang negosyante sa kanilang magkakaibigan. Siya ang nagma-manage ng family business nilang printing press, but at the same time ay volunteer sa isang non-government organization for abused and abandoned children.

"Kaya nai-intimidate sa 'yo ang mga kalalakihan, Pare," dagdag pa ni Jimmie. Umiling siya. "Hindi ako takot at wala akong dapat ikatakot. You know I'm very vocal about my opinion on things. Besides, if I can easily intimidate the man, then bakit pag-aaksayahan ko pa siya ng pansin?" sagot niya na may kasamang irap.

"'Yun na nga, opinion on things. Meaning, kung ano'ng sinasabi ng isip. But when it comes to feelings, well, that's another story," sabi ni Jimmie. "Come to think of it, mga pare, alam na alam natin ang crushes at past love life ng isa't isa maliban kay Laarni," dugtong pa nito.

Natawa siya. "Kasi naman po, wala akong ikukuwento," aniya.

"Hmm… siguro it's about time magkaroon ka na ng ikukuwento sa 'min," makahulugang turan ni Lendi.

"Oo nga, para makita naman natin si Laarni once and for all na mushy, girly-girly… you know, the stuff," natatawang sabi pa ni Jimmie.

"Teka nga, di ba si Jessa ang pinag-uusapan natin kani-kanina? Bakit ba napunta ngayon sa 'kin ang spotlight?" sawata niya, nagtaas na ng kilay.

"Uy, changing the topic. Basta, Laarni, mahal ka namin kaya nga gusto rin naming makita 'yang soft side mo at makitang naggo-glow ang face mo sa happiness coming from being in love. Para hindi naman palaging tagabatok sa amin ang role mo kapag pumapalpak ang love life namin." Inakbayan pa siya ni Lala.

"Hay naku! Tigil-tigilan n'yo nga ako! Basta, you'll never see the day that I'll be cheesy and mushy over some guy. Never!" mariing sabi niya.

Sabay-sabay na nagkatinginan ang magkakaibigan. "Wanna bet?"

Hindi pa rin mawala-wala sa isip ni Laarni ang sinabi ng mga kaibigan pag-uwi niya kinagabihan. Ayaw man niyang aminin sa sarili pero naapektuhan siya.

Ako, duwag mag-express ng feelings? Kelan pa nangyari 'yon? Di nga ba't ako ang pinaka-vocal at prangka sa aming magkakaibigan? reklamo ng isang bahagi ng isipan niya.

She had always prided herself for being fearless and straightforward. After all, sa kanilang magkakaibigan, sila ni Jessa ang mas may pagka-

radical sa mga paninindigan mula pa noong college. Pero kilala niya ang barkada. Hindi magsasalita ang mga ito nang ganoon kung walang nakikitang basehan.

Walong taon na silang magkakaibigan, simula pa noong first year college sila. Kahit magkakaiba ang mga kursong kinuha nila sa isang state university sa Quezon City, magkakasama sila sa isang religious student organization na mahilig magdiskusyon at umaksyon sa mga social issues. May pagkaaktibista sila pero hindi iyong tipong namumundok. Malakas ang paninindigan nila pagdating sa pagpanig sa marginalized sector ng society.

Isa rin siguro iyon sa mga dahilan kung bakit 'pare' ang tawagan nila sa halip na 'mare' sa isa't isa. Para sa kanila, masyadong malamya at maarte ang magtawagan ng 'sister' o 'girl' o 'mare'. Sa samu't saring karanasan nila sa kanilang college organization at pakikisalamuha sa iba-ibang klase ng tao mula pa noong kolehiyo, naging matatag din ang kanilang pagkakaibigan. Iyong klase ng friendship na kayang magsabi ng totoo sa isa't isa kahit na masakit ang maririnig ng kaibigan.

Lahat sila ngayon ay mga professionals na. Teacher si Jessa, nutritionist si Lala, chemical

engineer si Lendi, writer sa isang sikat na women's magazine si Jimmie, at siya, isang serial entrepreneur. Sa kabila ng busy schedules nila, nakukuha pa rin nilang maglaan ng oras para sa nangangailangan. Lahat sila nagvo-volunteer sa iba't ibang NGOs at foundations.

Kaya nga hindi mapakali si Laarni. Hindi mababaw na mga tao ang mga kaibigan niya. Pero bakit si Jessa, parang nawawala sa katinuan, pati na si Jimmie, kapag love ang pinag-uusapan? *Am I just being naïve?*

Napabuntong-hininga na lang siya. Nagkaroon na siya ng crushes noong teenager siya, iyon nga lamang certified NBSB—no boyfriend since birth—ang beauty niya. Kaya lang mas pinili niyang mag-focus sa mga bagay na sa tingin niya ay mas may kabuluhan. Pakiramdam niya, plain lang siya at may ordinary beauty para magkaroon ng love life na pang-movies o romance pocketbook.

Baka nga takot ka lang ma-in love sa taong baka hindi naman mai-in love sa 'yo? singit ng isang bahagi ng utak niya.

Muli ay napabuntong-hininga siya. Natatakot siyang sagutin ang tanong na iyon sa isip niya. Buong buhay niya ay naniniwala siyang isa siyang

matapang na babae. Hindi siya handang mabuwag ang paniniwalang iyon ng kahit sinong lalaki.

Naging abala si Laarni pagdating ng Lunes nang sumunod na linggo. Marami silang tanggap na paimprenta. Iyon ang family business nilang pina-manage sa kanya ng mommy niya noon pa mang nasa kolehiyo siya, ang printing press. Ang daddy niya at kaisa-isang kapatid na lalaki ay kapwa mga abogado, kaya hindi maasahan na pamahalaan ang kanilang negosyo.

"Laarni, may imi-meet kang new client mamayang lunchtime. Please don't forget about it. I'm sure matutuwa ang mommy mo if ever ma-close mo ang deal with *Heart Enterprises* kasi big time company 'yon," paalala ng kanyang secretary. First name basis lang sila ng kanilang staff. Si Laarni mismo ang ayaw magpatawag ng 'Ma'am' para raw maiwasan ang discrimination sa trabaho.

"Thanks for reminding me, Jen. Muntik ko na ngang makalimutan. Pupunta rin kasi ako sa foundation mamayang hapon. May nag-donate raw ng bulto-bultong baby and kids' stuff mula sa isang big time na negosyante kaya kailangang i-sort out. Excited akong makita ang mukha ng mga batang

makakatanggap ng mga bagong regalo, kahit pa sabihing material things lang ang mga 'yon. They always find joy in even the simplest gift that they receive," sabi niya. Isa siyang volunteer sa isang foundation for orphaned and abandoned children.

"D'yan ako bilib sa 'yo, Laarni, eh. Kahit ang busy-busy rito sa imprenta, you still find time to be with those kids. Sa mga napagtrabahuhan ko, ikaw pa lang ang boss ko na ganyan," komento ni Jen na saglit tumigil sa tinatrabaho sa computer.

"Hmm… binola mo na naman ako, Jen. Huwag mong sabihing maaga kang lalabas mamaya kaya binobola mo pa ako," natatawang sabi niya.

"Hindi po. Proud lang talaga ako na isang tulad mo ang boss ko. Kaya lang naisip ko rin minsan na sana may love life ka na rin kahit sobrang busy ka," sagot nito.

Napailing si Laarni. Na-remind na naman siya tungkol sa love life.

"Hindi ko kailangan 'yon," pahayag niya, pero bahagya siyang natigilan. "At least, sa ngayon. I can still enjoy my being single and unattached," mahinang dugtong niya. "Hay naku! Tama na nga 'yang usapang love life, Jen. Palibhasa, in love na in

love pa rin sa ’yo ang husband mo kahit more than five years na kayong kasal. Sige na, iche-check ko pa kung natapos na ang imprenta sa mga payong at mugs na order ni Mr. Chua.”

Natatawang sinundan na lamang ni Jen ang papalayong dalagang boss. Kabisado na siya nito. Alam nitong umiiwas lang si Laarni sa naging usapan.

Magtatanghali na nang matapos ma-check ni Laarni ang finished products. Nag-iwan na siya ng instructions sa mga tauhan tungkol sa pagde-deliver ng mga ito sa kanilang kliyente. Nagbilin din siya kay Jen ng mga dapat tapusin sa opisina nang araw na iyon. Baka kasi gabi na siya makabalik sa imprenta pagkagaling sa foundation.

Marahil ay dahil sa magkahalong excitement na makarating sa foundation at sa panaka-nakang pag-iisip sa komento ng mga kaibigan noong nakaraaang linggo at ni Jen kanina, nakalimutan ni Laarni ang kanyang business appointment sa promotions director ng *Heart Enterprises* noong tanghaling iyon.

2

"Well, it looks like they don't need clients," nakakunot ang noo at may kalakip na inis at disgusto sa boses ni Isaac De Torres, ang CEO ng *Heart Enterprises*. Sinadya niyang personal na maglaan ng oras sa pakikipagkita sa mag-iimprenta ng kanilang magiging freebies para sa darating na thirtieth anniversary ng kompanya anim na buwan mula ngayon dahil gusto niyang masigurong de-kalidad ang mga ipamimigay nilang t-shirt, payong, bags, ballpens at iba pa.

Partikular siya sa mga ganoong bagay dahil isa sa mga hilig niya ang graphic designing, pero dahil sa posisyong hinahawakan sa kompanyang minana, hindi na niya ito napagtutuunan ng pansin. Ayaw rin niyang mag-aksaya ng pera ang kanyang negosyo sa mga bagay na hindi de-kalidad. Wala sa personalidad niya ang mag-settle sa mediocrity.

"Sir, I'll call at their office. Maybe the owner was just delayed because of the traffic," sabi ni Marilen, ang personal secretary ng binata.

Nabanggit lang nito kani-kanina na ang mismong may-ari raw ng printing press ang makikipagkita kay Jerry, ang kanilang binabaeng promotions director.

Pero kasasabi lang ni Jerry na wala pa ang inaasahang kausap samantalang mahigit treinta minutos na ang nakalilipas mula sa itinakdang oras ng usapan. Partikular pa naman si Isaac sa kahalagahan ng oras.

"Don't bother. If they don't come on time on meetings, then I presume they don't deliver their services on time, too. Sabi ko naman kay Mama, iyong mas established na printing press ang kunin because this is going to be a big event," naiiritang sabi niya.

Ipinakiusap kasi ni Mrs. De Torres na sa printing press ng isang amiga nito noong college ang kunin para sa mga freebies. Hindi niya matanggihan ang kanyang ina dahil hindi naman talaga ito nakikialam sa pamamalakad niya sa kompanya at bihira itong mag-request. Gusto raw nitong matulungan ang kaibigan dahil may malaking utang-na-loob daw rito ang kanyang mama noong nasa kolehiyo pa ang dalawa. At dahil nagkahiwalay ng landas ang mga ito pagka-graduate more than thirty years ago, hindi pa rin nagagantihan ng ginang ang utang-na-loob nito sa kaibigan.

"Tell Jerry to look for another printing press ASAP. I want to see the sample materials and the lay-out design on my desk on or before Wednesday," pagbibigay ng instruction pa ni Isaac kay Marilen at

tumayo mula sa kanyang swivel chair.

"Yes, Sir," sagot ng sekretarya at umakmang lalabas ng opisina ng kanilang CEO.

"And please, hand me all the papers that I need to sign today. I'll be leaving in less than an hour and I'll be out for at least two hours this afternoon," pahabol pa niya.

Matapos mapirmahan ang mga dapat pirmahan, lumabas na ng opisina si Isaac. Nag-takeout siya ng pagkain mula sa drive-thru ng isang fastfood restaurant at nagtungo sa kanyang condominium unit para magpalit ng mas casual na damit. Maaaring mailang ang mga taong makakasalamuha niya ngayong hapon kung nakasuot pa rin siya ng executive suit. Papunta kasi siya sa *Mga Munting Anghel Foundation* upang personal na tumulong na ipamigay ang mga gamit na personal niyang bigay sa mga bata at sanggol na kinukupkop dito.

Nasa kolehiyo pa lamang siya ay padalaw-dalaw na siya sa nabanggit na foundation. Naglalaan siya noon ng at least isang oras isang linggo para makipaglaro, magturo at mag-alaga sa mga bata roon. Dumalang lamang siya sa pagdalaw-dalaw rito noong nag-MBA siya sa Singapore at nang opisyal na siyang naging CEO ng kanilang kompanya.

Malapit sa puso niya ang mga batang nasa ganitong kalagayan sapagkat kung hindi dahil sa pag-aampon sa kanya ng mag-asawang Sigmund at Patricia De Torres, malamang hindi niya natatamasa ang mga bagay na tinatamasa niya ngayon.

Hindi man inilihim ng mag-asawa ang pag-ampon sa kanya mula sa dating katulong ng mga ito, hinding-hindi naman nila ipinadama kay Isaac na hindi siya kadugo ng mga ito. Namatay raw ang tunay niyang ina mula sa panganganak sa kanya at ang kanyang ama naman ay naunang namatay dahil sa isang aksidente bago pa man siya naipanganak.

At ngayon ang araw ng kaarawan ng kanyang namayapang biological mother. Taun-taon siyang gumagawa ng iba-ibang kawanggawa tuwing kaarawan ng kanyang tunay na mga magulang. Wari'y gusto niyang bigyang-galang pa rin sa gayong paraa ang mga ito kahit patay na.

Pagdating ni Isaac sa foundation ay kaagad siyang sinalubong ng may-edad na direktor at founder nito. Malayong pinsan ito ng kanyang mama, si Tita Cecille.

"Hello, Isaac. I'm glad you can make it. I know how busy this season is for *Heart Enterprises*," anito na niyakap siya.

"You know me, Tita Cecille. Gagawan at gagawan ko ng paraan na makapunta rito. So, how are you?" Gumanti rin siya ng halik sa pisngi rito.

"Always fine. Kilala mo naman ako, lalong bumabata dahil sa mga bata rito," nakatawang sagot nito. Sabay nilang tinungo ang opisina ng babae kung saan naroroon ang supplies na kanilang ipamamahagi na hindi pa nabubuksan. "By the way, nag-lunch ka na ba, Hijo?" tanong ng mabait na ginang sa kanya bago niya buksan ang pinto ng silid.

"I grabbed a bite in a nearby fastfood before I came here, Tita. Hindi kasi dumating ang ka-lunch meeting ko kanina sa opisina, kaya nagmadali na lang akong makapunta rito," sagot niya nang makapasok na sila. May ilang volunteers na rin ang naroon para tumulong mag-sort out ng mga gamit.

"You should have had a more decent lunch, Hijo. Hay naku! Dapat mag-asawa ka na talaga. Dapat may personal na ring nag-aalaga sa 'yo. You're not getting any younger," natatawang sabi ni Tita Cecille.

"'Di bale, Tita. Lalo namang gumuguwapo," ganting biro niya.

"O sige na, I won't argue with that. By the way, let me introduce you to some of the other volunteers

here," anito nang lumapit sila sa kinauupuan ng iba pang volunteers. "Ladies, this is my nephew, Isaac. Isaac these are Lisa, Sarah and Laarni. Lisa and Sarah are both in college, ito namang si Laarni ay negosyante rin. But all of them find time to help here even on a Monday afternoon, kagaya mo." Mahihimigan ang pride sa tono nito. Sadyang hindi na nito binanggit na ang binata ang nag-donate ng mga gamit na ipamimigay nila nang araw na iyon ayon na rin sa request ni Isaac sa tuwing magdadala siya roon ng mga ido-donate.

"Hi." Nakangiting nakipagkamay si Isaac sa tatlo.

"Hello po, Kuya Isaac," ganting bati ni Sarah.

"Buti po, Tita Cecille, at dumating ang pamangkin n'yo. Meron tayong guwapong tagabuhat nitong mga kahon," dugtong ni Lisa. Halatang natutuwa ang dalawang estudyante sa bagong dating.

Natawa ang lalaki. "So, kargador pala ang magiging trabaho ko ngayon. Andami pa naman nito," kunwa'y reklamo niya sa dalawa. Natawa rin si Tita Cecille. Natutuwa ito sapagkat kahit ganoon ang katayuan ni Isaac sa buhay, marunong siyang makibagay. Nagpaalam na ito sa kanila matapos pagbilinang sila na ang bahala sa mga supplies na ipamimigay sa mga batang pinapag-aral ng

foundation sa isang kalapit na public school.

Samantala, napailing naman si Laarni. *Naku, kinilig pa yata ang dalawang ito sa Isaac na ito. Baka hindi kami makatapos ng gagawin kapag nagpa-cute nang nagpa-cute lang ang mga 'to,* komento ng utak niya. "Simulan na natin," sabi na lang niya.

Napatingin sa kanya ni Isaac. "Okay, how do we divide the work?" he asked with an amused expression in his eyes. Sa tono at tingin kasi niya sa binata, parang hindi siya natutuwa sa presence ng huli.

Oops, napansin yata ni Papa na wala akong time sa mga pagpapa-cute, aniya sa sarili pero bigla ring natigilan.

What did you say, Laarni? Papa? hirit ng isang bahagi ng utak niya. Kaagad namang sumagot ang kabilang side ng isip niya, *Well, I must admit, he is good-looking—tall, neat, expressive eyes. Gorgeous, actually. Hmm… no wedding ring and oh, clean fingernails—*

"Hello, Ate Laarni," ani Sarah, sabay kaway sa kanya. "Bakit para kang namatanda?"

"Tinatanong ni Kuya Isaac kung pa'no natin hahatiin ang trabaho," sabi ni Lisa.

Naramdaman ni Laarni ang pag-iinit ng kanyang pisngi. *Hayan, parang ngayon ka lang kasi nakakita ng guwapo,* kastigo niya sa sarili. Nakikita niya sa kanyang peripheral vision na na-amuse si Isaac. "Uhm. I just remembered something. Sorry. Anyway, I suggest kayo ni Sarah ang mag-sort out ng school supplies. Ako sa toiletries and then si Isaac ang sa baby stuff." Mahigit forty ang mga estudyante ng foundation, kulang-kulang thirty naman ang toddlers at infants.

"Okay, no problem." Kumindat pa sa kanya ang lalaki.

At may pakindat-kindat pa ang loko, sabi niya sa sarili. Nagkunwari siyang hindi ito napansin at nagsimula nang magtrabaho. Pero ang totoo, pakiramdam niya ay nag-palpitate ang kanyang puso nang ilang segundo. *Laarni, focus on your work. Fine, he's handsome. He's probably the most gorgeous guy you have met but for goodness' sake, 'wag ka namang pahalata!*

Napangiti si Isaac sa sarili. Hindi siya mayabang, pero alam niyang attracted sa kanya si Laarni. Maraming beses na siyang nakaranas na sa unang pagkakakilala pa lamang sa kanya ay halatang may

gusto na sa kanya ang isang babae. Malakas daw ang dating ng kanyang clean, boyish look, sabi nga ng kanyang ex-girlfriend na si Sophia na nanatiling kaibigan pa rin niya hanggang ngayon.

Nilingon niya si Laarni. Mahigit isang oras na rin silang nagtatrabaho at malapit na ring matapos. Focused ito sa ginagawa at parang may malalim na iniisip. Gusto sana niyang makipagkuwentuhan din dito, kaya lang ay mukhang ayaw nito na iniistorbo kapag may ginagawa.

Naramdaman yata ng dalaga na may nakatingin sa kanya, kaya nag-angat siya ng mukha at nagtama ang kanilang mga mata. Nginitian siya ng binata.

My gosh, bakit parang may heart murmur na yata ako at pabugso-bugso ang pag-palpitate ng aking heart? sita niya sa sarili, sabay bawi ng tingin na may kasamang irap. Pakiramdam tuloy niya ay gustong matawa nang tuluyan ni Isaac sa kanya. *Ano ka ba? Para kang teenager sa halip na isang negosyante at propesyonal!* muling saway niya sa sarili. Sa totoo lang, napaka-weird at foreign ng nararamdaman niya ngayon dahil ang tagal-tagal na rin niyang walang nagugustuhang miyembro ng opposite sex.

"O, merienda muna kayo." Naputol ang panenermon ni Laarni sa sarili nang marinig ang

boses ni Tita Cecille.

"Thanks, Tita," sagot nila. Kinuha ni Isaac ang pinggang may lamang apat na sticks ng banana cue. Tumigil ang tatlo sa pag-aayos ng mga supplies, pero mas pinili ni Laarni na ipagpatuloy ang ginagawa.

"Kain ka muna, Ate Laarni," yaya ni Lisa.

"Sige lang, malapit na rin akong matapos dito," sagot niya.

"Mamaya na 'yan, kailangan din ng mga volunteers na kumain at magpahinga." Nakangiting iniabot sa kanya ng binata ang isang stick ng banana cue.

Parang tuluyang namatanda si Laarni sa nakangiting guwapong mukha ni Isaac. "'Sus, para 'eto lang. Don't worry, hindi pa naman ako mahihimatay sa gutom." Pinilit niyang maging normal ang kanyang tono at facial expression; kahit ayaw man niyang aminin ay kinikilig siya.

"Okay, pero ikaw rin, baka wala ka nang saging mamaya," pananakot pa nito sa kanya.

Pakiramdam niya ay bumigay na rin ang cool façade niya. *Kung bakit kasi parang nagti-twinkle pa ang eyes kapag nagpapa-cute,* buntong-hininga niya

sa isip. "Takutin daw ba ako? Sige na nga po, akin na ang banana cue." Hindi niya malaman kung ngingiti o hindi.

"It wouldn't hurt to smile," Isaac teased her.

'Wag kang magba-blush! warning niya sa sarili. "Sira!" sabi na lang niya sa kausap, sabay belat dito. Natawa naman ang binata.

"Mahilig din pala sa drawing at graphic designing si Kuya Isaac, Ate Laarni. May partner ka nang p'wedeng magturo sa summer art workshop natin sa kids," sabi sa kanya ni Sarah.

Awtomatikong tumaas ang kilay niya. "Talaga? Well, that's good to hear," kunwa'y walang anumang sagot niya.

"Pero hindi ako masyadong nakakapag-draw lately. Busy kasi ako trabaho," anang binata.

"But still, nakakapunta ka pa rin dito," turan ni Lisa. Something in the line of conversation reminded Laarni of something.

"*Heart Enterprises*!" wala sa loob na naibulalas niya. *Oh no! I completely forgot about the meeting. Lagot talaga ako sa nanay ko!* Nakadama siya ng panic. Malaking account ang pinakawalan niya.

Napatingin sa kanya ang tatlo.

"What about *Heart Enterprises*?" tanong ni Isaac.

"Wala, wala." Pinilit niyang lunukin ang natitira niyang saging. "Guys, I'm very sorry but I have to leave na. Sorry talaga, hindi ko pa tapos ilagay sa bags 'yung toiletries. Favor, p'wede bang pakitapos na lang, please? May nakalimutan lang talaga akong importanteng bagay na dapat gawin kanina. Please?"

"Don't worry, Ate Laarni, kaya na namin 'yon," tugon nina Lisa at Sarah.

"Kami na lang ang tatapos. Too bad, you will not be with us when we give the bags to the kids," sabi sa kanya ni Isaac. "Are you sure you're not staying?"

Napailing siya. "Lagot ako sa mommy ko dahil may nakalimutan akong business meeting kanina na siya ang nag-arrange. I can't believe I completely forgot about it." Bakas ang frustration at disbelief sa kanyang boses, sabay kuha ng cellphone sa bag para i-check ang messages.

"With *Heart Enterprises*?" tanong ni Isaac.

Bigla siyang napatingin dito. "How did you know?"

He shrugged. "You mentioned it earlier. Naku,

kilala ko ang big boss ng kompanyang 'yon. Strict siya sa business deals kasi matandang binata na."

"Huh? Naku, 'wag naman. Kakilala mo ba ang may-ari?"

"Uh-huh."

Napabuntong-hininga si Laarni. "Well, I need to try to have another appointment with them. It's completely my fault. O sige, magpapaalam na ako kay Tita Cecille at dadaan saglit sa nursery para masilip ko man lang ang babies. Pasensya na talaga, hindi ko natapos ang work ko rito."

Nagpaalam sa siya sa tatlo. Hindi niya alam kung guni-guni lamang niya iyon o sinusundan siya ng isang kakaibang tingin ni Isaac.

"Please, Mr. Joaquin. I know it was unexcusable for us to completely forgot about our appointment, but I promise you I'll give you a very excellent proposal that your company cannot refuse," pakiusap ni Laarni kay Jerry, ang promotions director ng *Heart Enterprises*. Dito siya dumerecho pagkagaling sa foundation.

"Drop the formalities, Mare. Para namang hindi

mo ako pinakopya ng notes n'on sa Com 2," pakli nito. Magkakilala ang dalawa dahil minsang naging magkaklase sila sa isang subject noon sa kolehiyo. "Anyway, as much as I would like to arrange an appointment with you, binigyan na ako ni Boss ng instruction na humanap ng ibang printing press. Bakit mo ba kasi kinalimutan ang appointment natin kanina, girl? Sayang, gusto pa naman sana niyang personal na makita ang design at layout na io-offer n'yo," dugtong pa nito.

Umiling-iling siya. "I don't know. I just completely forgot 'tapos may pinuntahan din kasi ako after lunch." Napabuntong-hininga ang dalaga, pero hindi pa rin siya susuko. "How about if I'll give you our proposal first thing tomorrow morning? Show it to your boss and then let's see what he'll say about it. I will personally apologize to him kahit pa saksakan siya ng terror," pilit niya.

"Strict lang 'yon at focused pero hindi naman terror, loka! Napaka-yummy and papable kaya niya," sagot ni Jerry.

"Di ba matandang binata na 'yon? Anyway, kahit na, what do you say..." Naputol ang sasabihin niya dahil tumunog ang telepono sa mesa ni Jerry. Kapag hindi man lang siya nakapag-present sa

Heart Enterprises ng kanilang proposal, alam niyang magiging isang malaking disappointment siya sa kanyang ina. Iniisip din niyang baka mapahiya ito sa kaibigan nitong tumulong para makuha nilang potential client ang *HE*.

"O, 'ayan, Mare. Bring your design layout and sample materials tomorrow. Bigla raw nagbago ang isip ni Boss. Bigyan ka raw namin ng second chance," wari'y nagtataka ring sabi ni Jerry pagkababa ng telepono. Tinawagan ito ni Marilen dahil iyon daw ang bilin ni Isaac nang tumawag ito sa opisina.

"Really? As in, talaga? Naku, thanks a lot, Jerry! I promise, hindi magsisisi ang *Heart Enterprises* sa pagkuha n'yo sa 'min," tuwang-tuwang sabi ni Laarni.

"Loka, titingnan pa lang namin ang proposal n'yo, hindi pa namin sinasabi na sa inyo kami magpapagawa," natatawang sabi nito. "Basta don't forget tomorrow. And we mean business, Mare. Galingan n'yo ang design at gandahan ang quotation para sure ball nang makuha mo ang heart ni Boss."

"Don't worry, Jerry. When it comes to my business, I really mean business—excellent business," buong kumpiyansang tugon niya at kapagkuwan ay nagpaalam na sa dating kaklase.

Kailangan pa niyang irepaso ang proposed layout ng design at siguruhing de-kalidad ang sample ng mga payong, caps, t-shirts at mugs na dadalhin niya kinabukasan.

Treinta minutos na mas maaga si Laarni sa itinakdang oras ng meeting nila ni Jerry kinabukasan. Habang naghihintay sa receiving area, pasimpleng sinipat niya ang sarili sa salamin. Nakasuot siya ng isang beige short-sleeved blouse, brown slacks, half-inch heeled earth-colored shoes na native ang strap at platform. Manipis lang ang makeup niya, isang pares ng hikaw na may palawit na isang bato ang nakasuot sa magkabilang tainga niya at wristwatch. Ang chin-length niyang buhok ay natural ang bagsak.

Nang tawagin siya ng receptionist para sabihing maaari na siyang pumasok sa opisina, ni-rehearse na ulit niya sa utak ang gagawing excuse at apology sa hindi niya pagsipot nang nakaraang araw.

"Good morning," bati niya kay Jerry at sa lalaking nakatalikod at mukhang may tine-text pa sa cellphone. Gumanti ng bati at ngiti ang dating kaklase.

"Good morning, please have a seat," ganting

bati sa kanya ng lalaking nagte-text. Maluwang ang ngiti nito sa kanya nang humarap ito. Pakiramdam ng dalaga, tumigil nang ilang segundo ang panahon.

"Boss Isaac, this is Laarni Sales of *InkJob Services*. Miss Sales, meet our CEO, Mr. Isaac De Torres," pagpapakilala ni Jerry sa dalawa.

Hindi makapaniwala si Laarni sa narinig at nakita. Sa dinami-dami ng tao sa mundo, hindi niya inakalang ang guwapong lalaking nakilala niya sa foundation ang inindyan niya kahapon. Napilitan siyang abutin ang nakalahad na kamay ng binata. Di niya akalaing totoo palang may kuryenteng mararamdaman kapag malakas ang sex appeal ng taong kinakamayan.

Oops, nagka-crush ka na nga sa kanya, Laarni! panic ng isang bahagi ng kanyang isip.

"Well, Miss Sales, I believe that before we get down to business, you owe us an explanation here on why nobody from your company was able to come yesterday," seryosong simula ni Isaac, pero ang mga mata ay gustong matawa sa kanya.

"Uhm... ah... I'm really sorry, Mr. De Torres. I, well, I will be very honest. I wasn't able to come yesterday because I completely forgot about it. I

don't have any excuse, but I promise on behalf of my company that it will not happen ever again once you have availed of our services." Ipinasya niya na huwag nang mag-imbento ng anumang palusot. Naniniwala pa rin siyang honesty is still the best policy. Isa pa, paano siya makakalusot samantalang buking na siya nito kahapon pa lang.

"Well, I admire your honesty, Miss Sales. But our company can not afford delays. We also have clients to please and serve," sagot nito.

"In all honesty, Sir, not once have we been late in delivering our services. We can also guarantee 99.9% customer satisfaction. We don't settle for mediocrity. I personally supervise the work of our staff. And we have very talented layout and graphic artists." Bakas ang pagmamalaki sa boses niya habang sinasabi iyon. Kahit pa nga nakakapanghina ng tuhod ang kaguwapuhan ng kaharap lalo na't nakasuot ito ng business suit, nakalimutan niya ito pansamantala. Pag trabaho ang pinag-uusapan, hindi siya basta-basta natitinag.

"Only 99.9% customer satisfaction?" Isaac asked, raising his eyebrows.

"Because the 0.1% leaves room for improvement, Sir. Aiming for excellence is a process," sagot ng

dalaga.

"Well said. Okay, shall we now see what you have there for us?"

Hindi na nag-aksaya ng panahon si Laarni. Basta trabaho, focused na siya kahit na paminsan-minsan ay sumasasal ang dibdib niya kapag napapatingin sa mga mata ni Isaac. Gamit ang laptop na ikinabit sa LCD projector, ipinakita niya ang soft copy ng designs at ang sample materials. Ipinaliwanag niya ang concept ng designs na tutugma sa tema ng *Heart Enterprises* sa pagdiriwang nito ng anniversary pati kung saan yari ang mga materyales na gagamitin nila at ang proseso ng paggawa ng *InkJob*.

"Thank you, Miss Sales," sabi ni Isaac sa kanya pagkatapos ng kanyang presentation. Tumingin ito sa baklang promotions director. "Jerry, kayo na ang mag-usap ni Miss Sales ng mga detalye. *Heart Enterprises* will avail the services of *InkJob*." Ibinalik nito ang tingin sa babae at tumitig sa kanya. "Don't fail us. I'm counting on your word of honor, Lady," dugtong pa nito nang muling maglahad ng kamay.

"*InkJob* promises you that, Mr. De Torres." Sinalubong din niya ang tingin ng lalaki at muli ay nakipagkamay siya rito. "Thank you very much." Gusto nang bumigay ng mga tuhod niya sa kilig, pero

pinigil niya ang sarili na huwag magpahalata.

Umalis na si Isaac upang mapag-usapan na nina Laarni at Jerry ang iba pang mga detalyeng dapat nilang pag-usapan.

3

Naging sobrang abala si Laarni nang sumunod na mga araw dahil sa project niya sa *Heart Enterprises*. Hindi siya nakasama sa mga kaibigan nang mamasyal ang mga ito noong nagdaang Sabado at hindi rin siya nakabisita sa foundation noong nakaraang linggo. Sinisiguro talaga niyang mahusay ang bawat detalye sa mga produktong para sa mga sangay ng mga tindahan ng *HE*. Hindi man niya aminin sa sarili, gusto niyang mabigyan ng magandang impresyon ang kompanya ni Isaac.

"Laarni, may naghahanap sa 'yo. Isang papable at katakam-takam na nilalang," malanding sabi ni Jen sa kanya isang hapon.

Tumingin siya sa orasan; lampas alas tres na ng hapon. "At sino namang tagaibang planeta ang naligaw dito?" tanong niya na muling ibinaling ang atensyon sa tinatapos na trabaho sa computer.

"Laarni, hindi ako nagbibiro. Narito ang yummylicious boss ng *Heart Enterprises*."

Hindi niya maipaliwanag pero hayun ulit ang OA na reaksyon ng kanyang puso sa sinabi ng sekretarya.

Biglang sumasal ang kanyang dibdib at wala sa sariling napatingin siya sa salamin para tingnan ang hitsura.

Wait! Bakit ba napapraning ka sa hitsura mo ngayon, Laarni? sansala ng isang bahagi ng kanyang isip. *Hindi ka naman dating ganyan, ah!*

"Naku, Laarni! Ang gan'ong nilalang, hindi pinaghihintay nang matagal. Papapasukin ko na, ha?" putol ni Jen sa pagdidili-dili niya, sabay labas ng opisina niya. Hindi naglipat-sandali, bumukas muli ang pinto.

"Hi, Laarni." Parang tumalon nang tatlong metro ang kanyang puso nang pumasok si Isaac sa kanyang opisina. Hindi niya mawari kung sino ba ang gusto niyang batukan nang mga sandaling iyon; ang kanyang sarili dahil sa mga hindi niya maipaliwanag na reaksyon ng kanyang puso, o ang guwapong binata sa kanyang harapan na nagiging sanhi ng kanyang mga weird na ikinikilos nitong nakaraang mga araw.

"Hello, Mr. De Torres." Pilit niyang kinalma ang sarili nang batiin ang bisita.

"Isaac na lang. Let's drop the formalities, if you will not mind, Laarni," nakangiting sagot nito.

"I... I don't. Please have a seat, I-Isaac." Gusto na

talagang tuktukan ni Laarni ang sarili dahil sa pag-stammer niya.

"Thanks," tugon nito habang nauupo sa silyang nasa harap niya.

"What can I do for you, Isaac? I hope there's no problem with the new shirt design that I sent you..." aniya na napapaisip kung ano nga ba ang ginagawa ng guwapong lalaking ito sa kanyang opisina. Kung problema iyon sa business deal nila, hindi na kailangang ang CEO pa mismo ang makipag-usap sa kanya.

"No, no, nothing's wrong with it," putol kaagad ni Isaac na hindi nawawala ang ngiti sa labi. "Actually, it's great! But it's not really the reason why I'm here," anitong medyo sumeryoso ang tingin sa kanya.

Matamang naghintay lang siya kung ano ang sunod na sasabihin ng kausap. Biglang tumahip ang kanyang dibdib. Pero siyempre, pilit niyang itinatago ang kabang kanyang nadarama.

"I want to apologize, Laarni. I'm sorry I sort of lied to you when we were in the foundation. I was curious about what excuse you would give on why you didn't come," patuloy ng binata.

Napangiti na siya. "Apology accepted. Ako naman

talaga ang may kasalanan. I was a little preoccupied that morning that I forgot about the meeting. 'Tapos excited din akong makabisita ulit sa foundation. But honestly, it was the first time that I forgot a very important appointment and I assure you it won't happen again."

"I know it won't," nakangiting sagot nito na lalong nagpalundag sa mga daga sa kanyang dibdib. *So, pumunta ka talaga rito para lang mag-apologize?* kinikilig na tanong sa isip niya nang dumaan yata ang treinta segundong nakangiti lang sila sa isa't isa at walang nagsasalita.

"Would you like—"

"So, hindi ka pa ba—"

Sabay silang nagkatawanan dahil nagkasabay pa silang nagtanong.

"Okay, you first," sabi ni Isaac.

Biglang may kumatok sa pinto ng opisina. Dinalhan sila ni Jen ng iced tea.

"Never mind, I was just about to ask you if you want coffee or tea," *Or me*, dugtong pa ni Laarni sa isip. Alam niyang bigla siyang namula dahil hindi niya alam kung bakit nagkakaroon siya ng mga ganoong

thoughts lately. Kahit siya ay naninibago sa sarili. Hindi na niya matandaan kung kailan ba siya huling nagkaroon ng atraksyon sa isang lalaki. Hindi pa nakatulong na parang nanunudyo ang ngiti ni Jen bago ito lumabas nang kapwa sila magpasalamat ni Isaac para sa dinala nitong drinks.

"Actually, I was hoping I could ask you out for a snack..."

Muntik nang masamid si Laarni sa iniinom na iced tea. Tama ba ang narinig niya?

"I know it's a very short notice and that you're a very busy woman, but..."

"Why?" bulalas niya. Hindi pa rin siya makapaniwala sa narinig. Isaac, one of the most eligible bachelors ng business community, was asking her out?

Natawa ito sa reaksyon niya. "Why not?"

"What I mean is, you're busier than me and I'm sure you have more important things to do at the moment than to have a snack with me," paliwanag niya.

"Let's just say it comes with my apology and I say there's no harm if we get to know each other better,

don't you think? Our mothers are long lost friends from what I understand. Plus we are both volunteers at the *Munting Anghel*," he answered with smiling eyes.

"Lots of reasons, huh? Kaya lang, I'm due for a visit to the foundation in an hour," she answered apologetically. For once, parang nabawasan ang interes niya sa pagbisita sa *MMAF*.

"No problem. If you want, we can go there together. Then we can have an early dinner instead afterwards," suhestyon ni Isaac.

Hindi na naman makapaniwala si Laarni sa narinig. May kung anong himala yata sa kalangitan. "Are you sure?" tanong niya.

"Very sure," mabilis na tugon nito.

Wala na siyang nagawa lalo na't parang nakalutang siya sa ulap habang isina-shut down ang kanyang computer. Pero may kung anong boltahe ng kuryente ang gumapang sa kanyang katawan nang alalayan siya ni Isaac palabas ng opisina niya.